

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_

## Pagbabanghay ng Pandiwa

Kakayahan: Naibabanghay ang pandiwa upang mabuo ang pangungusap

Banghayin ang pawatas na pandiwa na nasa loob ng panaklong upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

1. **(umasa)** Bakit hanggang ngayon ay \_\_\_\_\_ ka pa rin sa mga magulang mo?
2. **(dalawin)** \_\_\_\_\_ nina Ina at Cris ang kanilang lolo at lola sa Batangas sa darating na Linggo.
3. **(makipagdebate)** Balita ko \_\_\_\_\_ ka na naman sa kaibigan mo kanina.
4. **(banggitin)** \_\_\_\_\_ ba sa iyo ni Eduardo kahapon ang plano niya?
5. **(hanapin)** Siya ang suspek na \_\_\_\_\_ ngayon ng mga pulis.
6. **(ilihim)** \_\_\_\_\_ niya sa akin ang tunay niyang layunin.
7. **(buksan)** \_\_\_\_\_ ko na ngayon ang mga bintana.
8. **(kumain)** Huwag ka munang lumangoy dahil \_\_\_\_\_ mo pa lang ng tanghalian.
9. **(magsaing)** Pagkatapos ko manood ng teleseryeng ito, \_\_\_\_\_ na ako.
10. **(paglaruan)** \_\_\_\_\_ ngayon ng mga bata ang kanilang bagong *Lego set*.
11. **(maligo)** \_\_\_\_\_ mo pa lang, pinapawisan ka na?
12. **(hiramin)** Kay Helen mo ba \_\_\_\_\_ ang aklat na binabasa mo?
13. **(manalangin)** Gabi-gabi kaming \_\_\_\_\_ sa harap ng altar sa sala.
14. **(umutang)** Bakit ubos na ang pera mo? Hindi ba \_\_\_\_\_ mo pa lang kay Kuya Berto?
15. **(matuto)** \_\_\_\_\_ ka rin tumugtog ng gitara kung magsasanay ka araw-araw.

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_

## Pagbabanghay ng Pandiwa (Mga Sagot)

Kakayahan: Naibabanghay ang pandiwa upang mabuo ang pangungusap

Banghayin ang pawatas na pandiwa na nasa loob ng panaklong upang mabuo ang diwa ng pangungusap.

1. (umasa) Bakit hanggang ngayon ay umaasa ka pa rin sa mga magulang mo?
2. (dalawin) Dadalawin nina Ina at Cris ang kanilang lolo at lola sa Batangas sa darating na Linggo.
3. (makipagdebate) Balita ko nakipagdebate ka na naman sa kaibigan mo kanina.
4. (banggitin) Binanggit ba sa iyo ni Eduardo kahapon ang plano niya?
5. (hanapin) Siya ang suspek na hinahanap ngayon ng mga pulis.
6. (ilihim) Inilihim niya sa akin ang tunay niyang layunin.
7. (buksan) Bubuksan ko na ngayon ang mga bintana.
8. (kumain) Huwag ka munang lumangoy dahil kakakain mo pa lang ng tanghalian.
9. (magsaing) Pagkatapos ko manood ng teleseryeng ito, magsasaing na ako.
10. (paglaruan) Pinaglalaruan ngayon ng mga bata ang kanilang bagong *Lego set*.
11. (maligo) Kaliligo mo pa lang, pinapawisan ka na?
12. (hiramin) Kay Helen mo ba hiniram ang aklat na binabasa mo?
13. (manalangin) Gabi-gabi kaming nananalangin sa harap ng altar sa sala.
14. (umutang) Bakit ubos na ang pera mo? Hindi ba kauutang mo pa lang kay Kuya Berto?
15. (matuto) Matututo ka rin tumugtog ng gitara kung magsasanay ka araw-araw.